Ang paglipat sa HST ay magiging sanhi para sa ilang mga pamimili na maging mas magastos dahil ang ilang mga paninda at mga serbisyo na hindi sumasailalim sa PST ay sasailalim sa probinsyal na bahagi (walong porsiyento) para sa kauna-unahang pagkakataon. Gayunpaman, ang 83 porsiyento ng mga binibili ng mga konsumidor ay hindi makakakita ng bagong buwis. Sa katotohanan, sa ilang mga bagay, ang mga presyo ay bababa sa katapusan.

Bisitahin ang www.ontario.ca/taxchange para sa mas higit na impormasyon

Ang HST ay hindi isisingil sa mga sumusunod na bagay na sa kasalukuyan ay hindi sumasailalim sa PST:

- **Pangkaraniwang mga groseri**
- **May resetang mga gamot**
- **Ilang mga pangmedikal na kagamitan**
- **Pangangalaga sa bata (Child care)**
- **Mga upa sa residensiya**
- **Munisipal na pangmadlang transit**
- **Karamihan ng mga serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon**
- **Panlegal na tulong**
- **Karamihan ng mga pampinansiyal na serbisyo**
- **Pagtu-tyutor**
- **Mga leksiyon sa musika**

Ang mga mamimili ay hindi kinakailangang magbayad ng probinsiyal na bahagi (walong porsiyento) ng HST para sa:

- **Kwalipikadong inihandang mga pagkain at mga inumin na $4 at mas mababa**
- **Inilimbag na mga pahayagan**
- **Mga damit at mga sapatos ng mga bata**
- **Mga upuan sa kotse ng mga bata at mga pampataas na mga upuan**
- **Mga lampin**
- **Mga produkto para sa pangangalaga ng kalinisan ng babae**
- **Mga aklat (kasama na ang awdyo na mga aklat)**

Disponible en français

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pakete ng buwis, pumunta sa www.ontario.ca/taxchange

O tumawag sa: 1-800-337-7222/TTY 1-800-263-7776

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa Badyet ng Ontario, pumunta sa www.ontario.ca/budget

Ang mga Kopya ng mga Materyales sa Badyet ay makukuha sa:

ServiceOntario – Publications
777 Bay Street, Market Level
Toronto, ON M5G 2C8

© Queen's Printer for Ontario, 2009
ISBN 978-1-4435-2018-8 (Print)
ISBN 978-1-4435-2019-5 (HTML)
ISBN 978-1-4435-2020-1 (PDF)

Binago Abril 2010

MGA PAGBABAGO SA BUWIS PARA SA ISANG MAS MALAKAS NA ONTARIO

Ano ang kahulugan ng mga pagbabago para sa iyo

Ontario

www.ontario.ca/taxchange

Bakit ngayon?

Napatunayan natin ang pinakamalaking pag-uurong ng pangmundong ekonomiya sa 80 taon. At sa ngayon, ang dalawahang sistemang pagbubuwis ng benta ng Ontario ay naglalagay sa ating probinsiya sa isang kasahulan sa pakikipagpaligsahan.

Tayo ay may mapagpipilian

Maaari nating ipagpatuloy ang lipas na sa panahong sistemang pagbubuwis sa benta na nagigiging sanhi para sa Ontario na maging mas hindi kompetitibo. O maaari nating tanggapin ang pagbabago at magtayo ng isang mas malakas na Ontario sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang makabagong sistemang pagbubuwis sa benta na ginagamit sa halos karamihan ng mga bansa sa buong mundo.

Maraming mga eksperto ang sumasang-ayon

Maraming mga ekspertong sumasang-ayon na ang isang, dinagdagang-halagang pagbubuwis sa benta— na katulad ng HST — ang pinakamahalagang bagay na maaari nating gawin upang mapalakas ang ekonomiya ng Ontario.

Kasama sa mga pagbabawas ng buwis, ang HST ay mag-aakit ng pamumuhunan at mga trabaho, na makapagpapataas ng pagiging kompetitibo ng Ontario.

Lilikha ng mga Trabaho

Ang isang ulat ng ekonomista at eksperto sa buwis na si Jack Mintz ay nanghuhula na bilang isang resulta ng HST at iba pang mga pagbabago sa buwis, ang Ontario ay, sa loob ng 10 taon, makakakita ng:

- 591,000 na karagdagang mga bagong trabaho;
- dinagdagang pampuhunang kapital na $47 bilyon; at
- dinagdagang taunang mga kita nang hanggang sa 8.8 na porsiyento, o $29.4 bilyon.

Pagbababa ng mga Presyo

Isang kamakailang ulat ng Bangkong TD ay nagsasabi na ang pagsasama ng GST at PST ay isang mahalagang hakbang sa paggawa ng mas kompetitibong Ontario. Narito pa ang ibang sinasabi sa ulat:

- Ang karamihan ng mga halagang matitipid ng negosyo mula sa HST ay maipapasa sa mga mamimili sa pamamagitan ng mas mababang mga presyo.
- Halos 80 porsiyento ng mga matitipid na ito ay ipapasa sa unang taon, at tataas sa 95 porsiyento sa ikatlong taon.

Mga katipiran para sa iyo

Ang PST ay isasama sa GST para makagawa ng isang pederal na pinamamahalaang magkatugmang buwis sa benta, sa antas na 13 porsiyento, sa Hulyo 1, 2010. Ito ay isang malaking pagbabago na makagagawa ng malaking pagkakaiba. Nangangahulugan ito na mas maraming pamumuhunan sa Ontario, mas maraming mga trabaho at mas higit na kasaganaan. Subalit iyan ay isang bahagi lamang ng pakete ng buwis. Mayroon ding mahahalagang mga patlang sa buwis.

Mga pagbabawas sa buwis ng mga tao

Para matulungan ang mga tao, ang pamahalaan ng Ontario ay magbibigay ng $11.8 na bilyon na pampersonal na kaluwagan sa buwis sa panahon ng tatlong taon.

- Ang 93 porsiyento ng mga nagbabayad ng buwis sa Ontario ay makakakuha ng isang permanenteng pagbabawas sa buwis sa kita.
- Ang isang bagong Kredito sa Buwis ng Benta ng Ontario (Ontario Sales Tax Credit) ay makapagbibigay ng hanggang sa $260 sa isang taon para sa bawat adulto at batang nagmumula sa may mababa hanggang katamtamang kitang mga pamilya.
- Ang mga karapat-dapat na pamilya (pati na mga nagsosolong magulang) na may taunang kita na mas mababa sa $160,000 ay makakatanggap ng tatlong libre sa buwis na mga kabayaran na aabot sa $1,000.
- Ang karapat-dapat na nagsosolong mga tao na may taunang kita na mas mababa sa $80,000 ay makakatanggap ng tatlong libre sa buwis na mga kabayaran na aabot sa $300.

Ang isang bagong Kredito para sa Buwis ng Propyedad ng Ontario (Ontario Property Tax Credit) ay magbibigay ng karagdagang $270 milyon na kaluwagan sa buwis sa propyedad bawat taon sa may mababa hanggang katamtamang kitang mga nagmamay-ari ng bahay at mga nangungupahan sa Ontario.

Kasama ng Kaloob para sa Buwis ng Propyedad ng mga Matatanda sa Ontario (Ontario Senior Homeowners' Property Tax Grant), halos dodoblehin ng mga pagbabago sa buwis ng pamahalaan ang kaluwagan sa buwis ng propyedad mula pa noong 2003.

Mga katipiran para sa negosyo

Ang mga negosyo sa Ontario ay makikinabang sa pag-aalis ng humigit-kumulang na $4.6 na bilyon ng mga nakatagong buwis ng benta bawat taon mula sa pagpapalit ng PST sa HST, sa sandaling ito ay lubusang maipatupad, at makakakita rin ang mga ito ng karagdagang kaluwagan sa buwis.

- $2.4 na bilyon bawat taon mula sa mga pagbabawas ng buwis sa kita ng korporasyon.
- Halos $1.6 na bilyon sa isang taon mula sa pagtatanggal ng Buwis sa Kapital.
- Mga katipiran ng mahigit sa $500 milyon sa isang taon para sa mga gastos sa pagsunod.

Sa oras na ang pakete ng buwis ay lubusang maipatupad, ang buwis na babayaran ng mga kumpanya mula sa kanilang kinita mula sa bagong pamumuhunan ay mababawasan ng kalahati. Gagawin nito ang Ontario na isa sa pinaka-kompetitibong lugar sa mundo ng industriya para sa bagong pamumuhunan sa negosyo sa mataas na teknolohiyang makinarya at kagamitan- at nangangahulugan ito ng mas higit na kasaganaan para sa ating mga pamilya.

Pagtatanggal ng Nakatagong Buwis para sa mga Mamimili

Sa kasalukuyan, ang PST (tinatawag ring RST) ay binabayaran ng karamihan ng mga negosyo sa maraming mga halaga sa buong supply chain. Sa ibang salita, bagamat hindi mo ito nauunawaan, ang PST ay isinisingil ng maraming beses sa maraming mga halaga ng negosyo bago makarating ang produkto sa tindahan. Ang maraming mga PST na iyon na isinisingil ay nakapasok sa presyo na iyong binabayaran sa tindahan – bago ka pa man magbayad ng PST sa huling presyo ng iyong binili.

Narito ang isang halimbawa ng kung paano nakatago ang PST sa halaga ng isang ternong dyaket. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema ang mga buwis ay karaniwang binabayaran sa bawat hakbang ng paggawa at ipinapasa sa mga mamimili. Sa ilalim ng sistema ng HST, ang karamihan ng mga halagang nakapasok ay ibinabalik sa mga negosyo sa pamamagitan ng pampasok na mga kredito sa buwis at ang mga natipid ay maaaring ipasa sa mga mamimili.



www.ontario.ca/taxchange